# Natulog ako sa tiyahin kong si Maymūnah, Tumayo ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-upang magdasal sa [Hating] gabi. Tumayo ako sa bandang kaliwa niya,Kinuha niya ang ulo ko at pinatayo niya ako sa bandang kanan niya

Ayon kay ' Abdullah bin 'Abbās-malugod si Allah sa kanilang dalawa-siya ay nagsabi: (( Natulog ako sa tiyahin kong si Maymūnah, Tumayo ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-upang magdasal sa [Hating] gabi. Tumayo ako sa bandang kaliwa niya,Kinuha niya ang ulo ko at pinatayo niya ako sa bandang kanan niya))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapahayag ng Marangal na kasamahan ng Propeta na si Ibn 'Abbās malugod si Allah sa kanilang dalawa-Na siya ay natulog sa tiyahin niya-asawa ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-upang makita niya -mismo sa sarili niya-ang pagdadasal ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng Tahajjud. At nang tumayo siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-upang magdasal [ng hating] gabi,Tumayo si Ibn 'Abbās kasama niya upang magdasal sa pagdarasal niya,At sa bandang kaliwa ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-[nakatayo ang] Ma'mum [Sumusunod sa Imām sa pagdarasal], At sapagkat ang bandang kanan ang siyang pinakamarangal,at ito ang tinatayuan ng Ma'mum[ Sumusunod sa Imām sa pagdarasal] nila sa Imām kapag ito ay nag-iisa. Kinuha ng Propeta pagpalain siya ni Allah at Pangalagaan-ang ulo niya.pina-ikot niya ito sa likod niya, at pinatayo sa bandang kanan niya.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee